

Mga paalala at impormasyon mula sa Kawasaki City

NO. 187

Mensahe mula sa Meyor ng Kawasaki

(市政の小窓)

Ang mensaheng ito ay hango sa “Window on City Administration” mula sa libreng pahayagan ng Siyudad ng Kawasaki (Shisei Dayori) isyung Abril.



Sa pagpasok ng buwan ng Abril, nais kong iparating ang aking pagbati sa lahat ng mga new comer sa paaralan, mga bagong miyembro ng sosyedad at sa lahat ng humaharap sa bagong panimula sa buhay. Nagsimula rin ang Siyudad ng Kawasaki sa “New general Plan” at Ordinances of the Local Autonomous Body” nito. Ang mga planong ito ay hakbang tungo sa makabagong pamumuhay ng mga mamamayan kung saan at kahit sino ay makapagsasabing [Maayos makapanirahan] o [Nais manatiling makapanirahan] sa Siyudad ng Kawasaki. Bagama’t sa pagbabago ng panahon, maging sa matinding pagbagsak ng ekonomiya, importanteng makatatag ng inisyatibo na makapanghihikayat sa mga mamamayan tungo sa maayos, mapayapa at maligayang pamumuhay sa Siyudad na may pagmamalasakit at pagmamalaki ukol sa Siyudad ng Kawasaki.

Upang mapangalagaan ito, mahalaga ang pagpapatuloy ng serbisyong kinakailangan para sa pang-araw araw na pamumuhay hindi lamang sa pagpapahalaga ng kayamanan kundi pati narin ang pagtatag ng lunas sa panahon ng kalamidad, pag-iingat laban sa krimen at pagprotekta sa buhay at ari-arian. Kayo, na mga mamamayan ang siyang tanging nakakaalam sa kagandahan at mga problema ng Siyudad ng Kawasaki. “Ang Mamamayan para sa Komyunidad” ito ang pangunahing ideya ng Siyudad. Ang mga tapat na mata ng mamamayan ang magsisilbing ugat ng “Community Power” na siyang pangunahing pinagmumulan ng lakas ukol sa pagbabago ng kabuhayan. Upang maging madali para sa mga mamamayan ang paggamit nitong “Community Power” makipag-ugnayan sa mga munisipyo kung saan pinag-ibayo ang paraan ng pakikipagtalastasan sa Tagapangasiwa ng Siyudad ng Kawasaki. Hinihikayat ang mga grupo ng mamamayan na maki-cooperate para sa pagpapalaki ng mga bata, pag-suporta sa mga nakatatanda, pangangalaga sa kapaligiran at iba pa.

Nitong taglagas (Autumn) magbubukas ang *Contact Center* kung saan ito ay magsisilbing “costumer care center” sa mga mamamayan. Bukod sa pagbibigay ng konsultasyon at pag-respond sa mga pangunahing pangangailangan, ang contact center ay maaari ding kumilos para sa mga mamamayan, kumontak ng mga espesyalista upang humarap sa mga komplikadong talakayin o isyu. Dagdag pa dito, pinaplano din ang pagbago ng sistema ng pagboto ng mga mamamayan. Naumpisahan na ang importanteng hakbang ukol sa Ordinance of the Local Autonomous Body. Sisikapin din mabigyang daan ang mga mamamayang magamit ang “Community Power”, magkadaop-palad kasama ang administrasyon tungo sa pagtatagumpay ng mga layunin nito.

188



Museo ng Folk House

(川崎市立 日本民家園)

Ang Museo ng Japan Open Air Folk House ay mga koleksyon ng mga sinaunang bahay ng mga Hapon na matatagpuan sa parke ng Ikuta Ryokuchi ng Tama Ward.

Ito ay binuksan noong 1967 upang mai-preserba ang tradisyonal na uri ng mga bahay kung saan ay patuloy na nababawasan ang bilang dahil sa pag-unlad.

Sa Museong ito, matutunghayan ang may 25 gusali kabilang dito ang mga tipikal at pribadong bahay mula sa parteng silangan ng bansang Hapon gaya ng kubong may watermill, kubo ng magbabanka, kamalig, kabuki stage at iba pa. Sa loob ng 25 gusaling ito, 18 ang kabilang sa pinakaimportanteng kayamanan at bahagi ng kulturang pambansa. Ang mga gusaling inyong matutunghayan sa museo ay mga inilipat at kinumpuni dito ayon sa tradisyonal na pamamaraan upang maibalik ito sa orihinal na hugis at kalagayan. Ang mga gusali ay nagmula halos sa parteng silangan ng bansa bagama’t ilan sa mga ito ay nanggaling din sa probinsya ng Iwate, Yamagata, Gifu, Toyama, Mie at Kagoshima.



Ang mga gusali ay itinayo sa panahon ng 17th century patungo sa 20th century.

Sa loob ng Japan Open Air Folk House Museum ay nagtatanghal din ng silid-eksibisyon kung saan maaaring mapag-alaman ang mga bagay tungkol sa Folk House. Isa sa mga bahay na ito ay nagsusunog ng fireplace, maaaring maka-upo sa tabi ng fireplace kung saan araw araw itong bukas. Ito ay mararating sa pamamagitan ng paglakad ng 12 minuto mula sa istasyon ng Mukogaoka-Yuen ng Odakyu Line. Ang entrance fee ay 500 yen para sa mga adulto, 300yen sa mga mag-aaral at libre para sa mga may 65 taong gulang pataas at junior high school pababa. Ito ay bukas mula alas 9:30 hanggang 4:30 ng hapon. Sarado tuwing Lunes at susunod na araw ng pista opisyal. Kapag ang pista opisyal ay tumapat sa araw ng Lunes, ito ay bukas bagama't sarado sa susunod na araw ng Martes. Sarado rin tuwing bagong taon at araw ng pista opisyal.

Kawasaki Marien

189



(川崎 マリエン)

Ang Kawasaki Marien at ang mga pasilidad sa kalapit nito ay matatagpuan sa Higashi-Ougishima ng Kawasaki ward. Sa Kawasaki Marien, may lugar na tinatawag na observation terrace, 51 metros ang taas mula sa lupa kung saan, sa panahong maganda ang sikat ng araw, maaring matunghayan ang Tokyo Bay pati na ang malayong lugar ng Chiba. Ang bayad upang makapasok sa observation terrace ay 300yen para sa 15 taong gulang pataas at 150 yen para sa mga elementarya at junior high school.

Karugtong ng Kawasaki Marien ang pasilidad para sa barbekyu. Ang lugar na ito ay bukas para sa lahat ng aplikanteng nagnanais gumamit nito na nasa edad 20 taong gulang pataas. Upang makapag-apply para sa paggamit nito, magpadala ng returnable postcard na naglalaman ng pangalan, tirahan numero ng telepono at kung ilang katao ang gagamit dito. Ipadala ang inyong kahilingan sa :



Kawasaki Marien
38-1, Kawasaki Ougishima
Kawasaki 〒210-0869



Ipadala ang inyong aplikasyon tuwing ika-1 at ika-7 ng buwan, isang buwan bago sa araw ng inyong paggamit. Isang lugar ng barbeque site ang maipapahiram sa bawat aplikasyon, subalit kapag marami ang aplikante, magkakaroon ng bolahan sa pagkakaloob nito. Samantalang pagkatapos ng takdang araw ng bolahan at may bakante, maaaring mag-apply sa telepono mula ika-15 ng buwan ,tatlumpung araw bago sa araw ng paggamit ng pasilidad.

Ang babeque areas ay magagamit ng walang bayad, mahihiram din ang mga pinggan, ihawan(grill racks) at pangsigang uling. Bukod sa mga ito, magdala ng inyong baon, uling, picnic mats at iba pa.

Mula Marso hanggang Hunyo at Septyembre hanggang Nobyembre, maaaring gamitin ang pasilidad mula alas 10 ng umaga hanggang alas 4 ng hapon. Malapit din sa BBQ area ang Nishi Koen, parke ng Higashi Ougishima kung saan maaaring makapamingwit ng isda at makapaglaro sa malawak na lugar.

Upang makarating dito, sumakay ng bus patungong "Higashi Ougishima Junkan" sa terminal malapit sa east exit ng JR Kawasaki Station at bumaba sa "Kawasaki Marien Mae".

Para sa iba pang detalye at katanungan, tumawag sa 044-287-6000. Ang Kawasaki Marien ay sarado tuwing Lunes. Kapag nagkataong ang Lunes ay pista opisyal, magbubukas sa araw na ito at sarado sa susunod na araw ng Martes.

Silid - Sanggunihan para sa mga Dayuhan

Ang [Kawasaki International Association] ay nagbibigay ng walang bayad na konsultasyon serbisyo para sa mga dayuhan tungkol sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Konsultasyon sa iba't-ibang Wika

Wikang Ingles : Lunes ~ Sabado

Wikang Intsik : Martes, Miyerkoles at Biyernes

Wikang Koryano : Martes at Huwebes

Wikang Kastila: Martes at Huwebes

Wikang Portugis: Martes at Biyernes

Wikang Tagalog: Martes at Miyerkoles

Oras ng Konsultasyon

10:00 ng umaga ~ 16:00 ng hapon

Issued by The Kawasaki International Association

2-2 Kizuki Gion Cho, Nakahara-Ku, Kawasaki 211-0033 Kawasaki International Center

Tel044-435-7000 Fax044-435-7010 E-mail:kian@bremen.or.jp HP URL:<http://www.bremen.or.jp/kian/>